ANO ANG PROSESO NG WA NOTIFY

Ang Washington Exposure Notification (WA Notify) ay isang mahalagang kasangkapan na tutulong na mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Katulad ng pagsusuot ng mga mask, pisikal na pagdistansya at pagpapanatiling maliit ng mga pagtitipon, ang WA Notify ay isang simpleng kasangkapan para protektahan ang komunidad.

Gumagana ang WA Notify sa pamamagitan ng mga smartphone, nang walang pagbabahagi ng anumang personal na impormasyon, para ialerto ang mga user kung maaaring nalantad sila sa COVID-19. **Ganap itong pribado, at hindi nalalaman o sinusubaybayan kung sino ka or saan ka pumupunta.**

Nakita sa pag-aaral na kapag mas maraming tao ang gumamit ng abiso sa pagkalantad, mas malaki ang nagiging pakinabang. Ipinakita ng mga modelo ng datos sa estado ng Washington na kahit ang maliit na bilang ng mga taong gumagamit ng WA Notify doon ay makakabawas ng mga impeksyon at pagkamatay.

IDAGDAG ANG WA NOTIFY SA IYONG TELEPONO

Sa iyong iPhone:

1. Pumunta sa Mga Setting
2. Mag-scroll pababa sa Exposure Notifications
3. I-click ang “Turn On Exposure Notifications”
4. Piliin ang United States
5. Piliin ang Washington

Sa iyong Android:

1. Sa Android phone, pumunta sa Google Play Store
2. Hanapin ang WA Exposure Notifications para madaling mahanap ang app
3. I-Download ang app na Washington Exposure Notifications

KAPAG NAIDAGDAG MO NA ANG WA NOTIFY SA IYONG PHONE

Ganito ang proseso nito para tulungang iwasan ang pagkalat ng COVID-19.

1



Magandang balita ang walang balita. Kung may taong nasuring positibo sa COVID-19, makikipag-ugnayan sa kaniya ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng tawag o text, at bibigyan sila ng **link sa pag-verify para sa WA Notify.**

2

Ang taong nasuring positibo **ay magki-click sa link para kumpirmahin ang kaniyang resulta sa WA Notify** – isang boluntaryo, pero mahalagang hakbang sa proseso.

3

Makakatanggap ng abiso ang mga user ng WA Notify na baka nalantad sila sa COVID-19 kung nakasalamuha nila sa loob ng 15 minuto o **higit pa ang isanghindi makikilalang user ng WA Notify na nasuring positibo sa nakaraang 14 na araw.**

4

Sinumang mayroon ding WA Notify at nakahalubilo ng user na nasuring positibo nang matagal sa nakaraang 14 na araw ay makakatanggap ng hindi makikilalang alerto na maaaring nalantad sila sa COVID-19.

5

May link ang abiso sa impormasyon tungkol sa ano ang susunod na gagawin para protektahan ang iyong sarili at ang iba. Hindi naglalaman ang mga ito ng anumang impormayon tungkol sa kung sino ang nasuring positibo o kung saan maaaring nangyari ang pagkalantad.